
## DO-IT-YOURSELF CARBONIZER




*Chimney* - ito ay nagsisilbing labasan ng usok
*Fire chamber* - ito ay nagpapanatili na buhay ang apoy sa loob habang nag-uuling at nagsisilbing harang upang hindi tuluyang maabo ang ipa

Maaari ring gumawa ng sariling bersyon ng *carbonizer* depende sa available na materyales sa inyong lugar.

** Ang DIY model na carbonizer na nasa larawan ay ginawa ni G. Jay-ar B. Madriaga, Agriculturist I ng ATI MiMaRoPa.*

**Pinagkuhanan ng Teknolohiya**

**Inuling na Ipa**
Bilang Pataba, Abono't Pangkundisyon sa Lupa
Bureau of Soils and Water Management

Inilimbag ng:

Department of Agriculture
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
**Regional Training Center - MIMAROPA**

Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro
ati.da.gov.ph/ati-4b
dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph
(043) 738-3663; 0998-539-4229
@atimimaropa

**FARMERS CONTACT CENTER**
*"Ang inyong kaagapay sa usaping agrikultura"*

1-800-10-982-2474 *(Provincial toll-fee)*
0920-946-2474
ati.da.gov.ph
elearn.e-extension.gov.ph
info@e-extension.gov.ph



# INULING NA IPA
## (Carbonized Rice Hull)

## Ano ang Inuling na Ipa?



Ang inuling na ipa o *carbonized rice hull* ay isang uri ng alternatibong sangkap pansakahan na maaaring ipalit o idagdag sa mga pataba. Ito ay galing sa ipa ng palay at karaniwang gingamit bilang pangkondisyon ng lupa.

## Benepisyo ng Inuling na Ipa

- Ito ay kapaki-pakinabang lalo na sa lugar na problema ang patubig sapagkat mayroon itong katangian na nagpapanatili ng tubig sa lupa
- Tumatagal sa lupa hanggang sa susunod na taniman
- Nakakatulong madagdagan ang mga sustansya sa lupa
- Pinabibilis nito ang pagbibigay ng sustansyang kinakailangan ng halaman kung kaya mas mabilis lumaki at mas malalaki ang bunga o butil nito
- Dahil ito ay *sterilized* na, wala na itong mapaminsalang organismo
- Nagiging kapaki-pakinabang ang mga patapong ipa
- Nagbibigay din ng dagdag kita sa magsasaka

## Mga Kagamitan sa Paggawa ng Inuling na Ipa



G.I *pipe* o yerong binilog sa sukat na limang pulgada at may habang $1\ ^{1}/_{2}$ metro



Gamit na lata o balde (20 L)



Tuyong Ipa



Panggatong




Gas o gasolina



Pala at legadera

## Paraan ng Paggawa ng Inuling na Ipa

1. Pumili ng patag at tuyong lugar at linisin ito. Maaari rin lagyan ng gamit *(used)* na yero bilang sapin.

2. Ipwesto at iayos ang lata na may 4 –6 anim na butas sa tagiliran nito. Dalawang pulgada ang laki ng butas nito. Alisin din ang takip ng lata o balde.





3. Butasan ang lata sa gitna ayon sa laki ng G.I *pipe* o binilog na yero. Pagkatapos, ilagay ang binilog na yero dito. Ito ay magsisilbing labasan ng usok o *chimney.* Maaari ring gumamit ng pinasadyang *carbonizer.*





*Pinasadyang carbonizer*

4. Ihanda ang panggatong (kahoy o uling). Buhusan ng gas o gasolina at sindihan ito. Takpan ng ginawang *carbonizer* ang sinindihang panggatong.




5. Ilagay ang ipa sa tagiliran ng lata hanggang sa ito ay umabot sa taas na isang metro. Mahalagang may lumabas na usok sa ilalim.



6. Maghintay ng hanggang walong (8) oras bago galawin ang ipa sa pagkakatambak.

7. Kung maitim na ang lumalabas na usok mula sa *chimney* at unti-unti nang nagkukulay itim ang ipa, maaari nang alisin ang *carbonizer* upang maiwasan ang pagkaabo nito. Wisikan ng tubig ang nakatambak na ipa upang bumaba ang temperatura nito.




9. Kung malamig na ang inuling na ipa, maaari nang ilagay sa sako o anumang plastik na lagayan at iimbak sa tuyong lugar.





### Paano ginagamit ang inuling na ipa?

Alamin ang sukat ng lupang gagamitan ng inuling na ipa. Tandaan na sa bawat ektarya ng lupa ay nangangailangan ng dalawa hanggang walong tonelada ng inuling na ipa lalo na sa mabuhanging lupa.